MGA KATANUNGANG MALIMIT ITANONG:

1. **Ano ang Emergency Alert (Pang-emerhensiyang Babala)?**
   Ang Emergency Alert ay ang pambansang sistema ng babala sa pamamagitan ng telepono na ginagamit ng mga emergency service organisation (mga organisasyon ng serbisyong pang-emerhensya). Nagpapadala ang sistema ng mga mensaheng babala sa mga teleponong landline at mobile na napapaloob sa isang heograpikong lugar, tungkol sa mga maaari o aktwal na mga emerhensiya tulad ng sunog, baha, o matitinding nangyayari sa panahon.

2. **Kailan ginagamit ang Emergency Alert?**
   Kapag nagawa na ang desisyon na bigyang-babala ang isang komunidad (lugar), titiyakin ng responsableng emergency service organisation ang heograpikong lugar na bibigyan ng babala. Magdedesisyon ang emergency service organisation kung anong paraan ng pagbibigay ng babala ang gagamitin; halimbawa: radyo, website o telebisyon, depende sa uri ng emerhensiya. Magdedesisyon rin ito kung kinakailangang maglabas ng babala sa telepono.

   Ang telephone alert ay isang paraan lamang upang mabigyan ng babala ng mga emergency service organisation ang isang komunidad at hindi gagamitin sa lahat ng pagkakataon. Ikaw ay kailangang may sapat na paghahanda sa oras ng emerhensya, magpatuloy na gumamit ng iba't-ibang pinagkukunan ng impormasyon at siguruhing alam kung ano ang mga kalagayan sa paligid. Hindi mo dapat hintaying tumanggap muna ng mensaheng babala bago kumilos.

3. **Paano gumagana ang Emergency Alert sa mga landline?**
   Ang Emergency Alert ay nagpapadala ng nakarekord na voice message sa mga teleponong landline na napapaloob sa isang heograprikong lugar. Kung ang tawag ay hindi sinagot, susubuking muli ang landline.

4. **Paano gumagana ang Emergency Alert sa mga teleponong mobile?**
   May dalawang paraan kung paano gumagana ang Emergency Alert sa mga teleponong mobile na napapaloob sa isang heograprikong lugar na apektado ng isang emerhensiya:
   - ipadadala ang text message batay sa nakarehistrong service address ng teleponong mobile.
   - ipadadala ang text message batay sa pinakahuling nalalaman na lokasyon ng handset sa oras ng emerhensiya. Kabilang dito ang mga bisita at mga taong naglalakbay sa lugar.

   Batay sa kung paano gumagana ang saklaw ng telepono, maari ka ring makatanggap ng text message kahit ikaw ay nasa labas ng lugar ng panganib ngunit ikaw ay malapit dito. Mahalaga na basahin mong mabuti at unawain kung anong aksyon ang kakailanganin mong gawin.

5. **Bakit hindi ko nakuha ang mensaheng babala sa aking teleponong landline?**
   May ilang kadahilanan kung bakit hindi mo natanggap ang nakarekord na voice message sa iyong teleponong landline:
   - ginagamit ang iyong telepono
   - hindi mo sinagot ang tawag
   - nawalan ng kuryente at ang iyong teleponong landline ay cordless
   - ang iyong teleponong landline ay labas sa lugar na may babala.

6. **Bakit hindi ko nakuha ang text message na babala sa aking teleponong mobile?**
   May ilang dahilan kung bakit hindi mo natanggap ang text message sa iyong teleponong mobile:
   - puno na ang iyong text message inbox
   - pinili ng mga emergency service na gumamit ng mga ibang paraan upang bigyan ng babala ang mga taong maaaring nasa apektadong lugar sa oras ng emerhensiya
   - sarado ang iyong teleponong mobile o wala sa lugar na saklaw ng teleponong mobile
   - ang iyong huling nalalamang kinaroroonan ng iyong handset ay hindi sakop ng lugar ng babala sa oras ng emerhensiya
   - hindi mo naibigay ang iyong pinakabagong rehistradong service address.

7. **Paano kung magbibiyahe ako sa lugar na may babala matapos mapadalhan ng mensaheng babala?**
   Hindi mo makukuha ang text message. Makukuha mo lamang ang text message kung magbibigay ng panibagong mensahe ng babala at ang iyong handset ay gumagana sa lugar na may babala.

8. **Alam ba ng Emergency Alert kung nasaan ako? Sinusubaybayan ba ako nito?**
   Hindi. Hindi sinusundan ng Emergency Alert ang iyong lokasyon dahil hindi nito hawak ang location data ng indibidwal na mga numero ng teleponong mobile.

9. **Ano ang mangyayari kung nakatira o nagbibiyahe ako sa isang lugar na blackspot sa teleponong mobile?**
   Ang Emergency Alert ay isang paraan lamang na magagamit ng mga emergency service upang bigyang babala ang mga taong nasa apektadong lugar sa oras ng emerhensiya.

   Maaaring gamitin ng mga emergency service ang Emergency Alert upang magpadala ng voice message sa mga landline, Kung nakatira ka sa isang lugar na blackspot sa teleponong mobile, tiyakin na mayroon kang teleponong landline na hindi nakasalalay sa kuryente. Maaari ka ring humingi ng payo mula sa iyong service provider tungkol sa mga pagpipiliian mo para mapabuti ang saklaw ng iyong telepono.

   Kahit pa ikaw ay nakatira o nagbibiyahe sa lugar na blackspot sa teleponong mobile, mahalagang hindi umasa lang sa pagtanggap ng mensaheng babala sa iyong teleponong mobile.

   Kailangang may sapat na paghahanda ang mga tao sa oras ng emerhensiya, patuloy na gumagamit ng ibat-ibang pagkukunan ng impormasyon – gaya ng radyo at telebisyon – at may kamalayan sa mga lokal na konsdiyon. Hindi ka dapat maghintay na makatanggap muna ng mensaheng babala bago ka kumilos.

10. **Ipapadala ba ang mga mensaheng babala sa ibang mga wika bukod sa Ingles?**
    Hindi. Ang Voice at mga text message na babala ay nasa Ingles.

    Hinihimok ang mga miyembro ng komunidad na talakayin ang kahandaan sa emerhensiya sa mga pamilya, mga kaibigan at mga kapitbahay na hindi nagsasalita ng Ingles, upang alam nila ang gagawin kung tumanggap sila ng mensaheng babala.

11. **Ano ang sasabihin ng mensaheng babala?**
    Maaaring kasama sa mensaheng babala ang impormasyon tungkol sa emerhensiya, ano ang kailangang gawin at kung saan makakakuha ng karagdagang impormasyon.

12. **Paano ko malalaman kung ang mensahe ng babala ay tunay o totoo?**
    Ipinapakita ng caller ID number o message header ng iyong telepono ang numerong ‘0444 444 444’. Ang mga nakarekord na voice message na ipadadala sa mga landline ay maaaring mag-umpisa sa Standard Emergency Warning Signal.

13. **Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng Emergency Alert?**
    Ang karagdagang impormasyon tungkol sa sistema ng pambansang Emergency Alert na babala sa telepono ay makukuha sa sa www.emergencyalert.gov.au